

# Batas na CARE (CARE Act)

## Batas sa Pagtulong sa, Pagbangon, at Pagpapalakas ng Komunidad (Community Assistance, Recovery, and Empowerment Act)

# Toolkit para sa Boluntaryong

Sa proseso ng CARE, ang bawat respondent ay maaaring pumili ng isang boluntaryong tagasuporta. Ang tagasuporta ay isang taong nasa hustong gulang na nagtitiyak na sinasalamain ng proseso ng CARE ang mga kagustuhan ng respondent.

Ang Toolkit na ito ay may mga mapagkukunan para sa mga boluntaryong tagasuporta na maaaring makatulong sa tagasuporta at respondent na mag-navigate sa proseso ng CARE. Kasama sa Toolkit na ito ang mga pagsasanay, buod, at iba pang mapagkukunan upang matulungan ang mga tagasuporta sa kanilang mga tungkulin. Maaaring ma-akses ang mga mapagkukunang ito sa**resource library ng** Sentro ng Mapagkukunan hinggil sa CARE Act.

> I-download ang **Worksheet para sa Boluntaryong Tagasuporta** upang maglista ng mga impormasyon, magsulat ng mga tanong, at tukuyin ang mga susunod na hakbang.

Kasama sa Toolkit na ito ang isang **Worksheet para sa Boluntaryong Tagasuporta**, na maaaring i-download at gamitin ng tagasuporta. May puwang sa worksheet para sa paglista ng mga impormasyon, pagsulat ng mga tanong, at pagtukoy ng mga susunod na hakbang sa proseso ng CARE.

Mga Nilalaman


1. **Mga Tungkulin sa CARE Act....................2**
2. **Mga Responsibilidad at Prinsipyo ng Paggabay sa Tungkulin ng Tagasuporta....................5**
3. **Mga Estratehiya sa Pagsuporta sa Respondent....................6**
4. **Mga Posibleng Katanungan sa Talakayan....................7**
5. **Pagharap sa Mga Salungat na Interes....................8**
6. **Pakikibahagi ng Tagasuporta sa Proseso ng CARE....................9**
7. **Pangangalaga sa Sarili at Pagiging Matatag para sa Mga Boluntaryong Tagasuporta....................13**
8. **Mga Listahan ng Mga Mapagkukunan para sa Mga Tagasuporta....................14**

## 1. Mga Tungkulin sa CARE Act

Maraming iba't ibang organisasyon at tungkulin upang matulungan ang indibidwal sa pamamagitan ng proseso ng CARE. Nakalista sa ibaba ang mga pangunahing tungkulin. Bilang tagasuporta, maaaring makatulong na idokumento ang impormasyong ito sa Worksheet para sa Boluntaryong Tagasuporta.

| Tungkulin | Deskripsiyon |
|---|---|
| **Respondent/Kalahok sa CARE** | Sa sandaling maihain ang petisyon, ang taong sinusuri para sa paglahok sa proseso ng CARE ay tinatawag na *respondent*. Ang salitang ito ay kadalasang ginagamit sa mga indibidwal na dumaraan sa proseso ng hukuman. Ang karaniwang tawag namin sa taong lumalahok sa CARE ay *isang kalahok sa CARE*, ngunit maaari mong makita o marinig na *respondent* ang ginagamit.<br><br>Sa buong prosesong ito, magkakaroon ang indibidwal na ito ng pag-akses sa mga serbisyong pangkalusugan hinggil sa pag-uugali, pabahay, at iba pang suporta sa komunidad, kung naaangkop. |
| **Boluntaryong Tagasuporta** | Ang isang taong nasa hustong gulang na pinili ng respondent upang magbigay ng suporta sa buong proseso ng CARE at itaguyod ang mga kagustuhan, pagpipilian, at kalayaan ng respondent. |
| **Nagpepetisyon** | Isang indibidwal na naghain ng petisyon para makonsidera ang respondent sa proseso ng CARE. Kabilang sa mga halimbawa ng nagpepetisyon ay isang miyembro ng pamilya, isang propesyonal sa kalusugang pangkaisipan, isang unang tagapag-responde, isang outreach worker na walang tirahan, o isang roomate/kasama sa bahay. Para sa higit pang mapagkukunan hinggil sa mga petisyon (kabilang ang isang komprehensibong listahan ng mga maaaring maging nagpepetisyon), tingnan ang **Mga Mapagkukunan hinggil sa CARE Act para sa Mga Nagpepetisyon**. |

### Higit pang Impormasyon

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga tungkulin sa CARE Act, tingnan ang pagsasanay sa **Pangkalahatang kaalaman hinggil sa Proseso ng CARE para sa Mga Tagasuporta**.

Para sa higit pang information tungkol sa mga tungkulin sa korte ng CARE, tingnan ang **buod ng Mga Legal na Tungkulin sa CARE Act**.

Para sa higit pang impormasyon hinggil sa mga kinakailangang kwalipikasyon para makalahok sa proseso ng CARE, tingnan ang **Sheet ng Impormasyon tungkol sa Pamantayan para sa Kwalipikasyon sa CARE Act**.

| | |
|---|---|
| **Ahensyang Pang-county para sa Kalusugan hinggil sa Pag-uugali** | **May mahalagang tungkulin sa proseso ng hukuman ang mga ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali at kanilang mga pangkat. Hinihikayat ng mga ahensya ang respondent para sa paggamot kaugnay ng kalusugang pangkaisipan at ikinukunekta sila sa mga karagdagang serbisyo. Maaaring kabilang sa mga indibidwal ang isang nakakontratang tagapagkaloob, tagapagreseta, at/o tagapamahala ng pangangalaga.** |
| **Mga Tagapagkaloob ng Suporta para sa Pabahay at Komunidad** | Maaaring ikonekta ang respondent sa mga tagapagkaloob ng suporta para sa pabahay at komunidad sa pamamagitan ng proseso ng CARE.<br><br>Kabilang sa mga halimbawa ng mga tagapagkaloob ng pabahay ay ang permanenteng suporta sa pabahay, abot-kayang pabahay, pansamantalang/transisyonal na pabahay, at Behavioral Health Bridge Housing (BHBH).<br><br>Kabilang sa mga halimbawa ng mga suporta sa komunidad na maaaring ialok ng mga tagapagkaloob ay ang mga serbisyong panlipunan na pinopondohan sa pamamagitan ng Supplemental Security Income/State Supplementary Payment (SSI/SSP), tulong pinansyal para sa mga imigrante, CalWORKs, Programa ng California para sa Tulong sa Pagkain (California Food Assistance Program), programa para sa Mga Serbisyong Pansuporta sa loob ng Tahanan (In-Home Supportive Services), at CalFresh. |
| **Hukuman sa CARE** | Kabilang sa mga taong nagtatrabaho para sa sistema ng hukuman na kasama sa mga proseso ng CARE ay ang:<br><br>• Tagapayo para sa Kalusugan hinggil sa Pag-uugali<br>    • Tungkulin nila ang kumatawan sa ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali. Ang indibidwal na ito ay maaaring isang tagapayo ng county o iba pang itinalagang abogado.<br>• Tulong-Legal/Pampublikong Tagapagtanggol<br>    • Tungkulin nila ang kumatawan sa mga interes at karapatan ng respondent. Sila ay hinirang ng korte at ipinagkakaloob hindi alintana kung may kakayahan ang respondent na magbayad.<br>• Hukom |

| | |
|---|---|
| | • Ang hukom ay nagsisilbing tagapamagitan na walang pinapanigan. Maliban kung may pagtatalo, isasagawa nila ang kaso sa isang sitwasyong impormal at walang pagtutunggalian. |

## 2. Mga Responsibilidad at Prinsipyo ng Paggabay sa Tungkulin ng Tagasuporta

Inilalarawan ng CARE Act ang mga responsibilidad ng tagasuporta at mahahalagang prinsipyo para sa tungkuling ito. Ang **Tungkulin ng Tagasuporta sa buod ng CARE Act** ay nagbibigay ng impormasyong nakatutulong hinggil sa mga responsibilidad at prinsipyong ito.

Nakasalalay ang aktuwal na pagsasagawa ng mga responsibilidad at prinsipyong ito sa mga pangangailangan at kagustuhan ng respondent. Isaalang-alang ang paggamit ng Worksheet para sa Boluntaryong Tagasuporta upang idokumento ang iyong pagkakaunawa sa mga responsibilidad at kagustuhang ito at para bigyang-pansin din ang mga karagdagang tanong na maaaring mayroon ka.

| | |
|---|---|
| **Mga Responsibilidad ng Boluntaryong Tagasuporta** | • Tumutulong sa respondent na maunawaan, gumawa, at talakayin ang mga desisyon at ipahayag ang mga kagustuhan sa buong proseso ng CARE.<br>• Nag-aalok sa respondent ng isang paraang naiaangkop at isinasaalang-alang ang kultura upang mapanatili ang kapangyarihang magpasya para sa kanilang sarili hanggat maaari sa pamamagitan ng pagbuo at pagpapanatili ng mga boluntaryong sistema ng suporta.<br>• Gumagamit ng pamamaraang suportadong paggawa ng desisyon (supported decisionmaking, SDM) para pataasin ang kakayahan ng respondent na gumawa ng sarili nilang mga desisyon. |
| **Mga Prinsipyo ng Boluntaryong Tagasuporta** | • Suportadong paggawa ng desisyon.<br>• Pag-iwas sa personal na pagkiling.<br>• May-kaalamang pangangalaga para sa trauma (Trauma-informed care).<br>• Pagiging kumpidensiyal. |

### *Higit pang Impormasyon*

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa tungkulin ng Boluntaryong Tagasuporta**tingnan ang Tungkulin ng Tagasuporta sa buod ng**CARE Act.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang mga pagsasanay sa **Suportadong paggawa ng desisyon para sa mga Boluntaryong Tagasuporta** at **Pagpapanatili ng Kawalan ng Pinapanigan bilang isang Boluntaryong Tagasuporta**.

Tingnan din ang materyal sa pagsasanay para sa mga pagsasanay sa may-kaalamang pangangalaga para sa trauma (trauma-informed care, TIC), kabilang ang **Mga Pundasyon para sa TIC**, **Mga Layunin at Prinsipyo ng TIC**, at **Aktuwal na Paggamit ng TIC**.

## 3. Mga Estratehiya sa Pagsuporta sa Respondent

Natatangi ang mga pangangailangan at kagustuhan ng bawat respondent. Dapat gumamit ang tagasuporta ng mga estratehiyang may kaalaman sa trauma upang matulungan ang respondent na maging matatag sa buong proseso ng CARE.

Ang pagsasanay sa **Pagsasagawa ng Aktuwal na May-kaalamang Pangangalaga para sa Trauma** ay nagbibigay ng ilang estratehiya para suportahan ang respondent. Tinatalakay ng pagsasanay kung paano:

1. Magplano nang maaga para sa mga nakababahalang sitwasyon.
2. Tulungan ang respondent na gumamit ng mga kasanayan sa pagpapakalma.
3. Harapin ang mga sitwasyon nang may habag at pagpapakumbaba.
4. Lutasin ang mga isyu ng pagkiling na nakasasagabal sa pagbibigay ng suporta.
5. Bigyang-diin ang mga magagandang katangian ng respondent.
6. Makinig nang mabuti.

Mahalagang manatiling neutral sa tungkulin bilang tagasuporta. Maaaring maging mahirap ang paglipat sa tungkulin bilang "tagasuporta" mula sa tungkulin bilang kaibigan o miyembro ng pamilya. Maaaring gumamit ang tagasuporta ng ilang pamamaraan upang manatiling neutral habang nagpapasya ang respondent, gaya ng paggamit ng mga kasanayan sa taimtim na pakikinig at pagkilala sa kaibhan ng mga ugnayang makasaysayan at tungkulin ng boluntaryong tagasuporta. Dapat gumamit ang tagasuporta at respondent ng balangkas sa suportadong paggawa ng desisyon upang matiyak na may mga suporta at serbisyo ang respondent na kailangan para makagawa ng mga independiyenteng desisyon.

### Higit pang Impormasyon

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang pagsasanay tungkol sa **Pagsasagawa ng Aktuwal na May-kaalamang Pangangalaga para sa Trauma**, **Suportadong Paggawa ng Desisyon para sa Mga Boluntaryong Tagasuporta** at **Pagpapanatili ng Kawalan ng Pinapanigan bilang isang Boluntaryong Tagasuporta**.

## 4. Mga Posibleng Katanungan sa Talakayan

Ang Worksheet para sa Boluntaryong Tagasuporta ay naglalaman ng mga halimbawang tanong na magagamit ng tagasuporta upang mas maunawaan ang mga pangangailangan, kagustuhan, at layunin ng respondent. Dapat subukang maglaan ng oras ng tagasuporta at respondent para talakayin ang mga tanong tungkol sa mga ito at mga karagdagang kagustuhan.

- Ano ang iyong mga layunin sa paglahok sa proseso ng CARE? (hal., para sa mga serbisyo, para sa pagtatapos, atbp.)
- Anong mga malawakang layunin ang mayroon ka?
- Sabihin sa akin ang iyong pagkakaunawa at mga katanungan tungkol sa dahilan ng iyong paglahok sa proseso ng CARE.
- Sabihin sa akin ang iyong pagkakaunawa at mga katanungan tungkol sa layunin ng proseso ng hukuman sa CARE.
- Sabihin sa akin ang iyong pagkakaunawa at mga katanungan tungkol sa kung ano ang iyong responsibilidad sa proseso ng CARE.
- Nauunawaan mo ba kung ano ang aking tungkulin sa pagtulong sa iyo sa proseso ng CARE?
- Anong bagay sa proseso ng CARE ang pinakakabado o dismayado ka?
- Ano ang pakiramdam mo kapag kaharap ang mga taong nasa kapangyarihan? Ano ang nakatutulong sa iyo kapag nasa ganoong mga sitwasyon?
- Anong mahahalagang pagsasaalang-alang ang nais mong tandaan ko?
- Paano ka kumilos bilang tugon sa mga opisyal na lugar, gaya ng mga korte? Ano ang nakatutulong sa iyo kapag nasa ganoong mga sitwasyon?
- Paano mo pinakakalma ang iyong sarili sa tuwing kinakabahan o nadidismaya ka? Ano pa ang nakatutulong?
- Anong mga uri ng suporta ang kailangan mo para matulungan kang gumawa ng mga desisyon?
- Ano ang maitutulong ko sa iyo sa proseso ng CARE?
- Mayroon ka bang patiunang direktiba kaugnay ng sakit sa pag-iisip (psychiatric advance directive, PAD)?
    - Kung oo, gusto mo bang magkaroon ako ng pag-akses dito? May pag-akses ba ang iba rito?
    - Kung wala, interesado ka bang gumawa nito?

## 5. Pagharap sa Mga Salungat na Interes

Maaaring tanggalin ng korte ang isang tagasuporta kung mayroong hindi malutas na salungat na interes. Halimbawa, maaaring magkaroon ng kasalungatan kapag hindi magawa ng tagasuporta na manatiling neutral dahil hindi sila sumasang-ayon sa mga kagustuhan o desisyon ng respondent. Bukod pa rito, maaaring magkaroon ng kasalungatan kung ang tagasuporta ay maaaring may personal o pinansyal na pakinabang sa mga desisyon ng respondent. Kung sa tingin mo bilang isang tagasuporta ay hindi mo kayang suportahan ang respondent bilang isang partidong walang pinapanigan, mangyaring ipaalam sa respondent at/o abogado ng respondent.

## 6. Pakikibahagi ng Tagasuporta sa Proseso ng CARE

Ang seksyon ay nagbibigay ng mataas na antas na pangkalahatang kaalaman hinggil sa proseso ng CARE, na nakatuon sa potensyal na tungkulin ng tagasuporta. Ang impormasyon sa seksyong ito, kasama ang iba pang gabay na makikita sa Toolkit na ito, ay nagbabalangkas sa mga impormasyon mula sa batas ng **CARE Act**.

Dahil medyo detalyado ang proseso ng korte, maaaring mahirap asimilahin ito ng tagasuporta. Tandaan na hindi tungkulin ng tagasuporta ang pagsubaybay sa mga petsa ng pagdinig o pagdodokumento ng mga desisyon; gayunpaman, maaaring magpatulong ang respondent na maunawaan ang proseso at mga susunod na hakbang. Kung ang tagasuporta ay hindi ang orihinal na nagpepetisyon, maaaring hindi matuloy ang una nilang pagkakataon na lumahok sa proseso hanggat maganap ang unang pagharap.

Mag-iiba ang tungkuling ginagampanan ng isang tagasuporta batay sa mga pangangailangan at kagustuhan ng bawat respondent. Dapat gumawa ang tagasuporta ng isang plano kasama ng respondent hinggil sa kung papaano nila nais lumahok ang tagasuporta. Ang planong ito ay dapat na muling balikan kasama ng respondent sa buong proseso ng CARE.

Dapat isaalang-alang ng tagasuporta ang pagdodokumento ng kanilang plano sa paglahok sa Worksheet para sa Boluntaryong Tagasuporta.

### Higit pang Impormasyon

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa daloy ng proseso ng hukuman sa CARE, tingnan **Ang buod ng Daloy ng Proseso ng CARE tungo sa Paggamot, Pabahay, at Suporta** at pagsasanay sa **Pangkalahatang kaalaman hinggil sa Proseso ng CARE para sa Mga Tagasuporta**.

| HAKBANG SA PROSESO | DESKRIPSIYON NG HAKBANG |
|---|---|
| **Pagsisimula sa Proseso ng CARE** | |
| **Unang Petisyon** | Inihahain ang unang petisyon sa korte upang simulan ang proseso ng CARE. Dapat nitong magbigay ng espesipikong impormasyon at suporta para maisaalang-alang ito ng korte sa pagtitiyak kung ang respondent ay karapat-dapat para sa proseso. |
| **Pakikibahagi** | |
| **Prima Facie (Sa Unang Tingin) na Pagpapasya** | Magpapasya ang korte kung ipinapakita ng petisyon na malamang na kwalipikado ang respondent sa proseso ng CARE. |

| | |
|---|---|
| **Ulat ng County** | **Kung ang petisyon ay inihain ng ibang tao maliban sa ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali, aatasan ng korte ang ahensya na mag-imbestiga at magreport kung ang respondent ay nakaaabot sa pamantayan ng CARE. Susubukan ng ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali na hikayatin ang respondent sa mga boluntaryong serbisyo at ireport ang mga resulta ng mga pagsisikap na iyon sa korte.** |
| **Proseso ng Hukuman/Koneksyon sa Serbisyo** | |
| **Unang Pagharap** | Ito ang unang pagkakataon na haharap sa korte ang mga partido. Naitalaga na ang tagapayo (abogado) para sa respondent bago ang pagharap na ito. Sa panahon ng pagharap na ito (at sa buong proseso), may opsyon ang respondent na pumili ng tagasuporta. Maaaring magpasya ang respondent na dumalo sa pagdinig na ito ng korte, o maaari nilang hayaan ang kanilang abogado na humarap para sa kanila. Papalitan ng ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali ang nagpepetisyon kung ang petisyon ay inihain ng iba pang indibiduwal. |
| **Pagdinig sa mga Merito** | Aalamin ng korte kung nakaaabot ang respondent sa mga pamantayan para sa kwalipikasyon sa CARE. Sa gayon, aatasan ng korte ang ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali na makipagtulungan sa respondent (at sa tagapayo at tagasuporta nito) upang makabahagi sa paggamot at subukang gumawa ng isang kasunduan sa CARE. Maaaring isama sa Unang Pagharap ang pagdinig na ito. |
| **Pagbuo ng Kasunduan sa CARE** | Ang kasunduan sa CARE ay isang boluntaryong kasunduan na binuo ng respondent, abogado at tagasuporta nito, at ng ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali (mga partido). Naglalatag ang kasunduan sa CARE ng isang hanay ng mga serbisyo at suporta na pakikinabangan ng respondent. |
| **Pagdinig sa Pamamahala ng Kaso** | Kung nagkaroon na ng kasunduan sa CARE, magsasagawa ng pagsusuri ang korte at aaprubahan ang kasunduan. Pagkatapos ay magtatakda ang korte ng pagdinig kaugnay ng progreso upang subaybayan ang pagsunod ng respondent sa kasunduan. Kung walang katiyakan na magkakaroon ng kasunduan sa CARE, aatasan ng korte ang ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali na magsagawa ng isang klinikal na pagsusuri sa respondent. |

| | |
|---|---|
| **Klinikal na Pagsusuri** | **Ang ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali ay mag-uulat tungkol sa:**<br>• **Klinikal na diyagnosis ng respondent.**<br>• **Kung may legal na kapasidad man ang respondent para magbigay ng may-kaalamang pahintulot tungkol sa mga gamot na psychotropic.**<br>• **Anumang karagdagang impormasyon at rekomendasyon para sa mga serbisyo at suporta na makatutulong sa korte para gumawa ng mga desisyon.** |
| **Pagdinig sa Klinikal na Pagsusuri** | Inirerebyu ng korte ang klinikal na pagsusuri at iba pang ebidensyang ipinakita. Aalamin ng korte kung nakaaabot ang respondent sa mga pamantayan para sa kwalipikasyon at mag-aatas ito ng isang plano sa CARE. |
| **Pagbuo ng Plano sa CARE** | Tulad ng isang kasunduan sa CARE, tinutukoy ng plano sa CARE ang isang hanay ng mga serbisyo at suporta para sa respondent. Pagsisikapan ng respondent, abogado nito, ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali, at tagasuporta na gumawa ng isang plano sa CARE. Kung hindi sila magkasundo sa isang plano, ang ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali at ang respondent ay maaaring magmungkahi ng magkahiwalay na plano. |
| **Pagdinig sa Pagsusuri ng Plano sa CARE** | Pinaiiral ng korte ang mga elemento ng iminungkahing (mga) plano sa CARE na higit na nakatutulong sa paggaling at katatagan ng respondent at maaari itong maglabas ng mga utos na kinakailangan para makakuha ang respondent ng mga serbisyong iyon. |
| **Paghahatid ng Serbisyo** | |
| **Mga Pagdinig para sa Pagsusuri sa Katayuan (kada 60 araw)** | Ang mga pagdinig para sa pagsusuri sa katayuan ay nagbibigay ng oportunidad sa korte na subaybayan ang progreso ng respondent sa pagkumpleto ng kanilang plano sa CARE at isaalang-alang kung kailangan ang anumang pagbabago. Aalamin rin ng korte kung madaling makuha ng respondent ang mga serbisyo at tutugunan nito ang anumang isyu na maaaring mangyari. |
| **Mga Susunod na Hakbang** | |
| **Isang Taong Pagdinig para sa Pagsusuri ng Katayuan (sa ika-11 buwan)** | Sa pagdinig na ito, nalalaman kung magtatapos ang respondent sa proseso ng CARE. Kung pipiliin ng respondent na magtapos at sumang-ayon ang korte, aatasan ng korte ang mga partido na bumuo ng plano sa pagtatapos. |

| | |
|---|---|
| **Pagdinig sa Pagtatapos** | Ipakikita sa korte ang plano sa pagtatapos para masuri nito. Ang plan sa pagtatapos ay isang boluntaryong kasunduan na kinabibilangan ng isang estratehiya para suportahan ang matagumpay na paglipat ng respondent sa proseso ng CARE. |
| **Muling italaga sa Proseso** | Kapag may pahintulot ng korte, maaaring piliin ng isang respondent na manatili sa proseso ng CARE nang hanggang isa pang taon. Sa ilang sitwasyon, maaaring sapilitang italagang muli ng korte ang isang respondent sa proseso nang hanggang isa pang taon. |

## 7. Pangangalaga sa Sarili at Pagiging Matatag para sa Mga Boluntaryong Tagasuporta

Ang paglilingkod bilang isang tagasuporta sa buong proseso ng CARE ay isang mahalaga at mapaghamong tungkulin, at ang mga tagasuporta mismo ay maaaring makaranas ng stress at mga reaksyon sa trauma. Ang may-kaalamang pangangalaga para sa trauma ay makatutulong sa mga tagasuporta na linangin ang pangangalaga sa sarili at katatagan. Kasama sa mga estratehiya sa may kaalaman sa trauma ang pangangalaga sa sarili, pag-iwas sa pagka-burnout, pagbabawas ng mga antas ng pagkabahala, pagtatakda ng mga hangganan, at paghingi ng tulong.

Tandaan ang mga sumusunod:

- **Kailangan ng suporta ng mga Tagasuporta**: Lumapit sa mga pinagkakatiwalaang tao para sa suporta. Mahalagang panatilihin ang pagiging kumpidensyal ng respondent kapag humihingi ng suporta.
- **Kailangan ng mga tagasuporta ng pahinga:** Regular na maglaan ng oras para gumawa ng mga aktibidad na nakakarelaks, (hal., pagbabasa, pag-knit, paglalakad, pagmumuni-muni, panonood ng sine, pagdarasal).
- **Kailangang maniwala ang mga tagasuporta sa kanilang sarili:** Mas magkakaroon ng kumpiyansa sa kanilang tungkulin ang mga tagasuporta kapag inaral nila ang proseso ng CARE sa pamamagitan ng pagsasanay, pagbabasa, at pagtatanong. Dapat na ipagmalaki ng mga tagasuporta ang kanilang mahalagang papel sa proseso ng CARE.

### Higit pang Impormasyon

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagiging matatag at pangangalaga sa sarili para sa mga tagasuporta, tingnan ang pagsasanay sa **Pagsasagawa ng Aktuwal na May-kaalamang Pangangalaga para sa Trauma**.

## 8. Mga Listahan ng Mga Mapagkukunan para sa Mga Tagasuporta

Makatutulong ang pagsisiyasat sa mga pagsasanay at mapagkukunan na makikita sa **Sentro ng Mapagkukunan hinggil sa CARE Act** para mas lalong maunawaan ng mga tagasuporta ang proseso ng CARE at kung paano gampanan ang kanilang tungkulin.

Dapat na isaalang-alang ng tagasuporta na subaybayan ang progreso at tandaan ang anumang mga follow-up na tanong sa Worksheet para sa Boluntaryong Tagasuporta.

| Pagsasanay | Deskripsiyon |
|---|---|
| **Pangkalahatang kaalaman hinggil sa Proseso ng CARE para sa Mga Tagasuporta (link)** | Pangkalahatang kaalaman tungkol sa CARE Act, mga tungkulin sa proseso, at isang mataas na antas na paglalarawan ng proseso ng hukuman. |
| **Pangkalahatang kaalaman hinggil sa Kasunduan sa CARE at Plano sa CARE para sa Mga Boluntaryong Tagasuporta (link)** | Nagbibigay ng pangkalahatang kaalaman at pinaghahambing ang tatlong pangunahing tahakin tungo sa mga serbisyo sa proseso ng CARE, kabilang ang boluntaryong pakikibahagi, kasunduan sa CARE, at plano sa CARE. Tinatalakay ang mga elemento ng isang kasunduan sa CARE at plano sa CARE, gayundin ang kahalagahan ng pag-aangkop ng kasunduan sa CARE at plano ng CARE ayon sa mga personal na pangangailangan ng indibidwal. |
| **Mga Makukuhang Pabahay, Serbisyo, at Suporta sa Pamamagitan ng CARE Act: Pagsasanay para sa mga Tagasuporta (link)** | Nagbibigay ng pangkalahatang kaalaman hinggil sa tungkulin ng boluntaryong tagasuporta patungkol sa pabahay at mga suporta sa komunidad na nasa CARE Act. Idinedetalye ang pabahay at mga suporta na maaaring kasama sa proseso ng CARE, kabilang ang pamamaraang pabahay muna, mga litrato ng mga uri ng pabahay para sa mga kalahok ng CARE, at mga elemento ng kasunduan at plano sa CARE na espesipiko sa pabahay at mga suporta sa komunidad. |
| **Ang Tungkulin ng Tagasuporta sa CARE Act (link)** | Pinag-aaralan ang tungkulin ng isang boluntaryong tagasuporta sa pamamagitan ng isang case study at binabalangkas ang mga responsibilidad, kinakailangan, at aspekto ng boluntaryong tagasuporta sa CARE Act. |

| | |
|---|---|
| **Tungkulin ng Pamilya sa Proseso ng CARE (link)** | **Tinatalakay ang mga paraan kung saan maaaring lumahok ang mga miyembro ng pamilya sa proseso ng CARE, kabilang ang pagiging nagpepetisyon, boluntaryong tagasuporta, o sa pamamagitan ng impormal na suporta. Idinedetalye ang mga hakbang sa pagkilos para sa mga pamilyang kalahok sa proseso ng CARE upang suportahan ang miyembro ng kanilang pamilya.** |
| **Suportadong Paggawa ng Desisyon para sa Mga Boluntaryong Tagasuporta (link)** | Ibinibigay ang mga kahulugan ng suportadong paggawa ng desisyon (supported decisionmaking, SDM) at itinatampok ang mga pangunahing konsepto at prinsipyo nito. Binabalangkas kung paano susuportahan ang respondent na gumawa ng sarili nilang mga desisyon sa ilalim ng balangkas ng SDM. |
| **Pagpapanatili ng Kawalan ng Pinapanigan bilang isang Boluntaryong Tagasuporta (link)** | Tinatalakay ang ugnayan sa pagitan ng tagasuporta at respondent. Sinusuri ang kahalagahan ng ganap na pagsuporta sa sariling pinagpasiyahan ng respondent. Ginagamit ang mga sitwasyon upang ilarawan kung paano maaaring magdulot ng mga paghamon sa sinusuportahang proseso ng paggawa ng desisyon ang iba't ibang ugnayan. |
| **Mga Patiunang Direktiba kaugnay ng Sakit sa Pag-iisip (Psychiatric Advance Directives) (link)** | Sinusuri ang background, layunin, at ebidensya ng mga patiunang direktiba kaugnay ng sakit sa pag-iisip (psychiatric advance directives) (mga PAD). Tinatalakay kung kailan, sino, paano, at ano ang mga PAD sa proseso ng CARE. |
| **Mga Schizophrenia Spectrum Disorder at Pangangalagang Nakabatay sa Ebidensya: Bahagi 1 Mga Pangunahing Impormasyon tungkol sa Schizophrenia (link)** | Nagbibigay ng pangunahing kaalaman tungkol sa schizophrenia. Tinatalakay kung kailan at paano isinasagawa ang pagsusuri sa schizophrenia, kasama ang pangkalahatang kaalaman tungkol sa mga kaakibat na karamdaman, kaugnay na diyagnosis, at mga komplikasyon. |
| **Mga Schizophrenia Spectrum Disorder at Pangangalagang Nakabatay sa Ebidensya: Bahagi 2 Mga Kasanayan sa Schizophrenia na Nakabatay sa Ebidensya (link)** | Ipinakikilala ang mga pamamaraan at kasanayang ginagamit upang gamutin ang mga indibidwal na may schizophrenia, kabilang ang isang paraang nakasentro sa tao, paggamot sa matinding sakit sa pag-iisip (assertive community treatment), at mga gamot. |

| | |
|---|---|
| **Mga Schizophrenia Spectrum Disorder at Pangangalagang Nakabatay sa Ebidensya: Bahagi 3 Pagsuporta sa Mga Taong may Schizophrenia (link)** | **Ipinakikilala ang mga konseptong dapat isaalang-alang habang sinusuportahan ang isang indibidwal na may schizophrenia. Nagbibigay ng mga estratehiyang kapaki-pakinabang, kabilang ang paraan ng pagtugon sa mga halusinasyon at delusyon, gamit ang may-kaalamang- pamamamaraan sa trauma, pagbuo ng magandang pagsasamahan, at pagpapahalaga sa kanila. Sinusuri ang paggaling at mga modelo sa suportadong paggawa ng desisyon na maaaring gamitin ng populasyong ito.** |
| **May-kaalamang Pangangalaga para sa Trauma Bahagi 1: Mga Pundasyon para sa May-kaalamang Pangangalaga para sa Trauma (link)** | Inilalarawan ang trauma at may-kaalamang pangangalaga para sa trauma. Tinutukoy ang mga salik na karaniwang sanhi ng trauma. Nagbibigay ng pangkalahatang kaalaman sa kung paano maaaring magdulot ang trauma ng mga reaksyon at makaaapekto sa utak at pag-uugali. |
| **May-kaalamang Pangangalaga para sa Trauma Bahagi 2: Mga Layunin at Prinsipyo para sa May-kaalamang Pangangalaga para sa Trauma (link)** | Binabalangkas ang mga layunin sa may-kaalamang pangangalaga para sa trauma at mga prinsipyo, kabilang ang kaligtasan; pakikipagtulungan; pagiging mapagkakatiwalaan at katapatan; pagbibigay-lakas; positibong samahan at mga natural na suporta. Bukod pa rito, tinatalakay dito ang mga isyu sa kultura, kasaysayan, at kasarian. |
| **May-kaalamang Pangangalaga para sa Trauma Bahagi 3: Pagsasagawa ng May-kaalamang Pangangalaga para sa Trauma bilang isang Boluntaryong Tagasuporta (link)** | Pangkalahatang kaalaman sa mga tool para matulungan ang isang tagasuporta na mapigilang lumala ang mga sitwasyon gamit ang isang may-kaalamang pamamaraan sa trauma. Tinatalakay kung paano isulong ang katatagan para sa mga sumusuporta sa mga kalahok ng CARE. |

| Buod | Deskripsiyon |
|---|---|
| **Tungkulin ng Tagasuporta sa CARE Act (link)** | Ipinapaliwanag ang mga prinsipyo, tungkulin, at pagsasanay na magagamit ng mga tagasuporta. |
| **Ang Daloy ng Proseso ng CARE Tungo sa Paggamot, Pabahay, at Suporta (link)** | Ipinakikita kung paano maaaring umusad ang isang petisyon sa proseso ng CARE, na kinabibilangan ng pagsisimula ng kaso, pakikibahagi, proseso ng hukuman/koneksyon ng serbisyo, paghahatid ng serbisyo, at pagtatasa para sa muling pagtatalaga o pagtatapos. |

| | |
|---|---|
| **Mga Legal na Tungkulin sa CARE Act (link)** | Impormasyon tungkol sa mga espesipikong legal na tungkulin sa buong proseso ng CARE, kabilang ang tagapayong kumakatawan sa respondent, mga opisyal ng hukuman, at legal na representasyon para sa nagpepetisyon. |
| **Isang Pagsulyap sa CARE Act (link)** | Nagbibigay ng pangkalahatang kaalaman tungkol sa CARE Act, kabilang ang karaniwang mga tanong. |
| **Sheet ng Impormasyon tungkol sa Pamantayan para sa Kwalipikasyon sa CARE Act (link)** | Dalawang-pahinang dokumento na nagbibigay ng pangkalahatang kaalaman hinggil sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat, mga kwalipikadong diyagnosis sa CARE, at karagdagang impormasyon. Makikita sa website ng Konsehong Panghukuman sa wikang English, Chinese, Korean, Spanish, at Vietnamese. |
| **Mga Mapagkukunan hinggil sa CARE Act Para sa Mga Nagpepetisyon (link)** | Isang-pahinang polyeto ng impormasyon para sa Mga Mapagkukunan hinggil sa CARE Act para sa Mga Nagpepetisyon |

*Ang ilang piling hyperlink ay maaaring nasa wikang Ingles lamang